Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-15 NG SETYEMBRE, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 205-T´99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 82-T´99/ KAUTUSANG BARANGAY BLG. 5-T´99 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PAGSAWITAN NA NAGBABAWAL NA PUMARADA AT GUMARAHE ANG LAHAT NG URI NG MGA SASAKYAN SA MGA DAANG NASASAKUPAN NG BARANGAY PAGSAWITAN.

**SAPAGKA´T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 82-T´99/Kautusang Barangay Blg. 5-T´99 ng Sang. Brgy. ng Pagsawitan na nagbabawal na pumarada at gumarahe ang lahat ng uri ng mga sasakyan sa mga daang nasasakupan ng Barangay Pagsawitan;

**SAPAGKA´T,** layunin ng naturang kapasiyahan/kautusan na makapagpatupad ng maayos na pamamahala ng trapiko tungo sa pangkaluwagang paggamit ng mga daan para sa pakikipagkalakalan at pang-araw-araw na paggamit ng mga mamamayan;

**KUNG KAYA´T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricrdo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Edgardo T. Porca at Jeffrey A. Villaseñor at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo´y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 82-T´99/Kautusang Barangay Blg. 5-T´99 ng Brgy. Pagsawitan na nagbabawal at gumarahe ang lahat ng uri ng mga sasakyan sa mga daang nasasakupan ng Brgy. Pagsawitan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pinuno ng Kagawaran ng Pulisya, Pambayang Hukom at Sangguniang Barangay ng Pagsawitan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

INAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan